KARAPATAN NG MGA EMPLEYADONG IMIGRANTE SA ILALIM NG BATAS NG PAMBANSANG UGNAYANG PAGGAWA

Hindi alintana sa katayuan ng iyong pagiging imigrante, pareho rin ang iyong karapatan sa mga empleyadong nasasakop ng Batas ng Pambansang Ugnayang Paggawa (NLRA) kasama ang karapatang:

- Magtayo ng unyon upang makipagareglo sa iyong trabaho tungkol sa iyong sahod, oras, benepisyo at iba pang mga kondisyon sa trabaho.
- Makipag-usap sa mga ka-trabaho, sa publiko, o sa unyon tungkol sitwasiyon sa trabaho.
- Gumawa ng aksyon kasama ang iyong mga katrabaho upang mapaganda ang iyong kondisyon sa trabaho.
- Piliin ang walang gawing aksyon.

Bagamat kailangang sundin ng iyong trabaho ang mga batas ng imigrasyon, kung piliin mong makipag-usap o gumawa ng aksyon ng iyong mga katrabaho upang mapaganda ang inyong kondisyon sa trabaho, bawal gamitin ng iyong taga-empleyo ang iyong katayuan sa imigrasyon laban sa iyo.

Halimbawa:

- Hinid maaaring tumawag ang iyong trabaho sa ICE dahil ikaw at ang iyong mga ka-trabaho ay sumubok na sumali sa isang unyon.
- Hindi maaaring demandahin ng iyong trabaho na magpakita ka ng bagong mga papeles sa imigarasyon dahil ikaw ay nakipag-usap sa iyong mga ka-trabaho o unyon tungkol sa iyong kondisyon sa iyong pinagtratrabaho-an.

Kung ikaw ay naniniwala na ang iyong trabaho ay gumanti sa iyo, iyong mga ka-trabaho o sa iyong unyon, maaari kang makipag-usap sa Lupon ng Pambansang Ugnayang Paggawa (NLRB) at maghabla ng reklamo. Iimbistigaahan ng NLRB ang reklamo na kinabibilangan ng:

- Pagkuha ng iyong sinupaang pahayag at ang iyong ibedensya. Dahil ikaw ay protektado ng NLRA gaya ng ibang mga trabahador at dahil ang iyong katayuan sa imigrasyon ay hindi nauugnay kung ang NLRA ay nilabag, ang NLRB ay hindi magtatanong sa iyong katayuan bilang imigrante o ang katayuan sa imigrasyon ng iba samantalang iniimbitigahan namin o nililitiga upang mapruweba kung may mga paglabag sa NLRA.
- Ang NLRB ay maaaring magdemanda sa iyong trabaho kung ang ebidensya ay nagpapakita na ang iyong trabaho ay labag sa batas na ginagamit ang iyong katayuan sa imigrasyon upang ikaw ay takutin o gantihan dahil ginawa mo ang iyong karapatan sa ilalim ng NLRA. Ang NLRB ay maaari ring makipag-ugnay sa ibang mga ahensiya upang masiguro na ang mga batas ng imigrasyon ay hindi ginagamit pantakot o pangganti laban sa mga trabahador dahil sa paggamit ng kanilang karapatan sa ulalim ng NLRA.
- Kung ikaw ay sinisanti ng iyong trabaho dahil ginamit mo ang iyong karapatan sa ilalim ng NLRA, ang NLRB ay gagawa ng paraan na makuha mo ulit ang iyong trabaho at ikaw ay bayaran ng nawala mong sahod. Pero kung napatunayan ng iyong trabaho na ikaw ay walang pahintulot magtrabaho, hindi magagawa ng NLRB na pabayaran sa iyo ng iyong trabaho ang nawala mong sahod at maaari ring hindi nila maibalik ang iyong trabaho. Sa ganitong mga sitwasyon, maghahanap ng ibang remedyo ang NLRB at maaaring makipag-ugnayan sa ibang mga ahensiya ng imigrasyon upang matulungan ang mga empleyadong naging biktima ng mga paglabag sa mga karapatan ng paggawa. Halimbawa, ang NLRB ay maaaring magkonsidera kung ikaw ay nararapat sa U o T na *visa* o ang *deferred action* at maaaring makipag-ugnayan sa mga ahensiya ng imigrasyon at subukang makakuha nitong klaseng tulong.

Kontakin ang NLRB: www.nlrb.gov, 1-866-667-NLRB, o i-*download* ang aming *mobile app*!